Kung kailangan mo ang abiso na ito at /o iba pang dokumento mula sa County sa isang alternatibong format ng komunikasyon tulad ng malaking font, Braille, o isang elektronikong format, o, kung gusto mo ng tulong para basahin ang materyal, mangyaring makipag-ugnay sa Access at Crisis Line (ACL) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-724-7240.

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA DESISYON NA GINAWA PARA SA PAGGAMOT SA IYONG SAKIT SA PAG-IISIP O PAGGAMIT NG SUBSTANSYA, MAAARI KANG MAGHAIN NG APELA. ANG APELA NA ITO AY INIHAIN SA IYONG BANSA.

PAANO MAGHAIN NG APELA

Mayroon kang **60 days** mula sa petsa ng “Abiso ng Salungat na Desisyon sa Benepisyo” na liham upang maghain ng isang apela. Kung nagpasya ang iyong County na bawasan, isuspinde o tapusin ang paggamot na iyong natatanggap, may karapatan kang humiling na ang County ay patuloy na magbigay ng paggamot na iyon habang sinusuri ang iyong apela. Ito ay tinatawag na Aid Paid Pending. Upang maging kwalipikado para sa Aid Paid Pending, dapat kang humiling sa iyong County ng isang apela sa loob ng 10 araw mula sa petsang nasa liham na ito, o bago ang petsa na sinabi ng iyong County na ititigil ang mga serbisyo, alinman sa mga ito ang mas huli. Kahit na dapat bigyan ka ng iyong County ng Aid Paid Pending kapag humiling ka ng isang apela sa loob ng mga timeline sa itaas, dapat mong ipaalam sa iyong County kapag humiling ka ng isang apela na nais mong makakuha ng Aid Paid Pending hanggang sa napagdesisyunan na ang iyong apela. Hindi ka mananagot para sa gastos ng patuloy na paggamot kung ang desisyon sa apela ay itinataguyod ang salungat na desisyon sa benepisyo ng County.

Kung napalampas mo ang 10-araw na panahon upang humiling ng apela O hindi humiling ng apela bago ang petsa na sinabi ng iyong County na ititigil ang mga serbisyo, mayroon ka pa ring 60 araw mula sa petsa ng liham na ito ng Abiso ng Salungat na Desisyon sa Benepisyo para humiling ng apela. Gayunman, hindi ka makakatanggap ng Aid Paid Pending habang pinagdedesisyunan pa ang iyong apela.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa pamamagitan ng pagsulat. Kung maghahain ka ng apela sa pamamagitan ng

pagtawag sa telepono, dapat kang mag-follow up sa isang nakasulat na nilagdaang apela. Bibigyan ka ng county ng libreng tulong kung kailangan mo ng tulong.

- Para mag-apela sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono:
    - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **mga serbisyo sa inpatient at/o residensyal**, maaari mong tawagan ang **Programa para sa Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Service (JFS)** sa 619-282-1134 or 1-800-4792233.

    - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **mga serbisyo sa outpatient**, maaari kang tumawag sa **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** sa kanilang walang bayad na numero sa (877) 734-3258 (TTY 1-800-735-2929).

    - O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711.

- Upang mag-apela sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o gumawa ng liham at ipadala ito sa:

    - **Para sa Mga Serbisyo sa Inpatient at/o Residensyal:**
      Jewish Family Service of San Diego (JFS)
      Joan & Irwin Jacobs Campus
      Turk Family Center Community Services Building
      8804 Balboa Avenue
      San Diego, CA 92123

    - **Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient**:
      Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
      1764 San Diego Avenue, Suite 100
      San Diego, CA 92110

    Ang iyong provider ay magkakaroon ng mga form ng apela na available. Ang isa sa mga ahensya sa itaas ay maaari ring magpadala ng isang form sa iyo.

Maaari kang maghain ng apela mismo. O, maaari mong hayaan ang isang tao na tulad ng kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, tagapagbigay, o abogado na maghain ng apela para sa iyo. Ang taong ito ay tinawag na isang "awtorisadong kinatawan." Maaari kang magpadala ng anumang uri ng impormasyon na gusto mong suriin ng iyong County. Ang iyong apela ay susuriin ng ibang tagapagbigay ng serbisyo maliban sa taong gumawa ng unang desisyon.

May 30 araw ang iyong County para mabigyan ka ng sagot. Sa oras na iyon, makakatanggap ka ng isang liham ng "Abiso sa Resolusyon ng Apela". Ang liham na ito ay magsasabi sa iyo kung ano ang desisyon ng County. **Kung hindi ka makakatanggap ng liham na may desisyon ng County sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng isang "Pagdinig ng Estado" at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso**. Mangyaring

basahin ang seksyon sa ibaba para sa mga tagubilin kung paano humiling ng isang pagdinig ng estado.

MGA PINABILIS NA APELA

Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng 30 araw, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw ng 72 oras. Kapag naghahain ng iyong apela, sabihin kung bakit ang paghihintay ay makakasama sa iyong kalusugan. Siguraduhing humiling ka ng isang "**pinabilis na apela."**

PAGDINIG NG ESTADO

Kung naghain ka ng apela at nakatanggap ng isang liham ng "Abiso sa Resolusyon ng Apela" na nagsasabi sa iyo na hindi pa rin magbibigay ang iyong County ng mga serbisyo, o **hindi ka nakatanggap ng isang liham na nagsasabi sa iyo sa desisyon at lumipas na ang 30 araw,** maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso. Hindi mo na kailangang magbayad para sa Pagdinig ng Estado.

Dapat kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng **120 araw** mula sa petsa ng sulat ng "Abiso sa Resolusyon ng Apela". Kung ang iyong county ay patuloy na nagbibigay sa iyo ng pinagtatalunang paggamot sa panahon ng proseso ng apela ng County, may karapatan kang humiling na magpatuloy ang county sa pagbibigay ng paggamot hanggang sa may desisyon na sa iyong Pagdinig ng Estado. **Kung ikaw ay kasalukuyang nakakakuha ng paggamot at nais mong ipagpatuloy ang iyong paggamot habang sinusuri ang iyong kahilingan para sa Paginig ng Estado, dapat kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw** mula sa petsa na nalagyan ng postmark o naihatid sa iyo ang "Abiso sa Resolusyon ng Apela". Kapag humiling ka ng isang Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na matanggap ang iyong paggamot. Hindi ka mananagot para sa gastos ng patuloy na paggamot kung ang desisyon sa Pagdinig ng Estado ay itinataguyod ang salungat na desisyon sa benepisyo ng County. Hindi mo na kailangang magbayad para sa Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humiling para sa isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa elektronikong paraan, o sa pamamagitan ng liham:

- Sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono: Tumawag sa **1-800-952-5253**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag **TTY/TDD 1-800-952-8349**.

- Sa elektronikong paraan: Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado online. Mangyaring bisitahin ang website ng Departamento ng Panlipunang Serbisyo ng California para kumpletuhin ang elektronikong form: https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do

- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng Pagdinig ng Estado o magpadala ng liham sa:

  California Department of Social Services
  State Hearings Division
  P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
  Sacramento, CA 94244-2430

  Siguraduhin na isama ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, Petsa ng Kapanganakan, at ang dahilan kung bakit gusto mo ng isang Pagdinig ng Estado. Kung tumutulong sa iyo ang isang tao na humiling ng Pagdinig ng Estado, idagdag ang kanilang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o liham. Kung kailangan mo ng interpreter, sabihin sa amin kung anong wika ang iyong ginagamit. Hindi mo na kailangang magbayad para sa isang interpreter. Bibigyan ka namin ng isa.

Pagkatapos mong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaaring aabutin nang hanggang 90 araw para mapagdesisyunan ang iyong kaso at mapadalhan ka ng sagot. Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw ng trabaho. Maaaring nais mong hilingin sa iyong tagapagbigay o County na magsulat ng isang liham para sa iyo, o maaari kang sumulat ng isa mismo. Dapat na ipaliwanag nang detalyado sa liham kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay seryosong makakasama sa iyong buhay, sa iyong kalusugan, o sa iyong kakayahang makapamuhay, mapanatili, o mabawi ang pinakamabuting lagay. Pagkatapos, humiling ng **"pinabilis na pagdinig"** at ibigay ang liham kasama ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Awtorisadong Kinatawan

Maaari kang magsalita sa Pagdinig ng Estado mismo. O ang isang tao na tulad ng isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, tagapagbigay, o abogado ay maaaring magsalita para sa iyo. Kung nais mong ibang tao ang magsalita para sa iyo, dapat mong sabihin sa tanggapan ng Pagdinig ng Estado na ang taong iyon ay pinahihintulutan na magsalita para sa iyo. Ang taong ito ay tinawag na isang "awtorisadong kinatawan."

LEGAL NA TULONG

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong. Maaari mo ring tawagan ang lokal na programa ng Legalna Tulong sa iyong county sa 1-888-804-3536.